Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections

BSKE 2018

PUNONG BARANGAY

MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN:



Magpatupad ng lahat ng batas at ordinansa sa barangay

Makipagkasundo (negotiate) at lumagda ng mga kasunduan para at sa pangalan ng barangay, kung binigyang-kapangyarihan ng sangguniang barangay

Magpanatili ng kaayusang pangmadla sa barangay

Tumawag at mamuno sa mga sesyon ng sangguniang barangay

Magtalaga o magpalit ng ingat-yaman, kalihim, at iba pang itinalagang (appointive) opisyal ng barangay

Magtatag at pangunahan ang isang emergency group kung kinakailangan

Maghanda ng taunang badyet na tagapagpaganap (executive budget) at karagdagang badyet (supplemental budget) ng barangay

Magpatibay ng mga voucher na may kaugnayan sa pagbabayad ng pondo ng barangay

Magpatupad ng mga regulasyon para pigilan ang polusyon at pangalagaan ang kapaligiran

Mangasiwa sa pagsasakatuparan ng Katarungang Pambarangay

Mamahala sa pangkalahatang pangangasiwa (general supervision) sa lahat ng mga gawain ng Sangguniang Kabataan (SK)

Tiyakin ang pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo (basic services)

Magdaos ng isang taunang palarong pambarangay na magtatampok ng mga palarong tradisyunal

Magsulong ng pangkalahatang kabutihan ng barangay

Ganapin ang iba pang kapangyarihan at tumupad sa iba pang tungkuling maaaring itakda ng batas

*** Mula sa Section 389, Book III ng Local Government Code of 1991***